# SI HESUS BA AY DIYOS O ISINUGO NG DIYOS? (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang una sa dalawang bahagi na artikulo na tumatalakay sa totoong papel o ginampanan ni Hesus. Unang bahagi: Nagtatalakay sa kung tinawag ba ni Hesus ang kanyang sarili na Diyos, si Jesus ay tinutukoy bilang Panginoon at ang mga katangian ni Hesus.

**Kategorya:** Mga Artikulo Paghahambing ng Relihiyon Hesus

**Ni:** onereason.org

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 18 Feb 2018



Si Hesus ay isang personalidad na minamahal at iginagalang ng bilyun-bilyong tao sa buong mundo. Gayunpaman mayroong sobrang kalituhan na pumapaligid sa katayuan nitong napakalaking personalidad. Parehong mataas ang pagkilala ng mga Muslim at Kristiyano kay Hesus ngunit ang kanilang pananaw sa kanya ay magkaibang-magkaiba.

Ang mga katanungang binanggit sa artikulong ito ay naglalayong matumbok ang sentro ng mga usapin na nakapaligid kay Hesus: Si Hesus ba ay diyos? O isinugo ba siya ng Diyos? Sino nga ba ang tunay na makasaysayang si Hesus?

Ang ilan sa hindi malinaw na mga talata ng Bibliya ay maaaring gamitin ng hindi wasto upang ipakita na si Hesus daw ay banal sa ilang paraan. Ngunit kung titingnan natin ang malilinaw at mga direktang talata ng Bibliya, paulit-ulit nating makikita na si Hesus ay tinutukoy bilang isang di-pangkaraniwang tao at hindi na hihigit pa dito. Ang lumilitaw, kung isasaalang-alang natin ang mga makasaysayan at lohikal na katotohanan tungkol sa buhay ni Hesus, ay konklusibong patunay na si Hesus ay hindi lamang 'hindi maaaring maging Diyos', ngunit hindi naman talaga niya inangkin o sinabi kahit kailan.

Ang sumusunod ay limang mga hanay ng pangangatwiran na nagbibigay sa atin ng kalinawan patungkol sa paksang ito sa pamamagitan mismo ng Bibliya at sa gayo’y nagpapahintulot sa atin na tuklasin ang katotohanan tungkol kay Hesus.

## 1. Kailanma'y Hindi Tinawag ni Hesus ang Sarili na Diyos

Ang Bibliya (sa kabila ng pagkakabago-bago at pagkakahalo-halo sa paglipas ng panahon) ay naglalaman ng maraming mga talata kung saan tinutukoy ni Hesus ang Diyos na hiwalay sa kanyang sarili at iba sa kanya. Narito ang ilan sa mga ito:

Nang tawagin ng isang lalaki si Hesus bilang "Mabuting Guro", sumagot siya **“Bakit mo sinasabing mabuti ako? Ang Diyos lang ang mabuti, wala nang iba!." [Marcos 10:18]**

**S**a isa pang pagkakataon sinabi niya: **“Wala akong magagawa kung sa sarili ko lang. Humahatol nga ako, ngunit ang aking paghatol ay ayon lamang sa sinasabi ng aking Ama. Kaya makatarungan ang hatol ko dahil hindi ang sarili kong kalooban ang aking sinusunod kundi ang kalooban ng Nagsugo sa akin." [Juan 5:30]**

*Tinutukoy ni Hesus ang Diyos na hiwalay sa kanyang sarili at iba sa kanya:* ***Babalik na ako sa aking Ama na inyong Ama, at sa aking Diyos na inyong Diyos. [Juan 20:17]***
*Sa talatang ito pinatutunayan niya na siya ay isinugo ng Diyos:* ***At ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala Ka ng mga tao na Ikaw lang ang tunay na Dios, at makilala rin nila ako (Hesu-Kristo) na isinugo Mo. [Juan 17: 3]***

*Kung si Hesus ay Diyos, sasabihin niya sa mga tao na sambahin siya, ngunit kabaligtaran ang kanyang ginawa at hindi niya sinang-ayunan ang sinumang sumasamba sa kanya:* ***Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin [Mateo 15: 9]***

Kung inaangkin ni Hesus na siya ay Diyos mayroon sanang daan-daang mga talata sa Bibliya na sana'y nabanggit ito. Ngunit walang ni kahit isang talata sa buong Bibliya kung saan sinabi ni Hesus na 'ako ay Diyos, sambahin mo ako'.

## 2. Si Hesus bilang Anak at Panginoon?

Minsan tinutukoy si Hesus bilang 'Panginoon' sa Bibliya at sa ibang mga pagkakataon ay bilang 'Anak ng Diyos'. Ang Diyos ay tinawag na 'Ama', kaya kung pagsama-samahin ang mga pangalang ito ay masasabi na si Hesus ay anak ng Diyos. Ngunit kung titingnan natin ang bawat isa sa mga titulo na ito base sa kaugnay na kahulugan nito ay malalaman natin na ang mga ito ay sumisimbolo lamang at hindi dapat unawain sa literal na paraan.

Ang mga salitang 'Anak ng Diyos' ay isang terminolohiya na ginagamit sa sinaunang Hebreo na pantukoy sa isang matuwid na tao. Tinawag ng Diyos ang Israel na 'anak' Niya: Sinabi ng DIYOS na: **Itinuturing ko ang Israel na panganay kong anak na lalaki. [Exodo 4:22]**. Gayundin, si David ay tinawag na 'Anak ng Diyos': **Sinabi ng DIYOS sa akin, Ikaw ay aking anak; sa araw na ito.' ikaw ay aking ipinanganak.' [Awit 2:7]**. Sa katunayan ang sinumang matuwid ay tinutukoy bilang 'anak' ng Diyos: **Ang mga taong pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak ng Diyos. [Roma 8:14]**.

Sa parehong paraan, kapag ang salitang 'Ama' ay ginagamit na pantukoy sa Diyos ay hindi ito dapat unawaing literal. Sa halip ito ay paraan ng pagsasabing ang Diyos ang Tagapaglikha, Tagapagtaguyod, Tagapangalaga, atbp. Maraming mga talata upang ating maunawaan ang simbolikong pakahulugan ng salitang 'Ama', halimbawa: **Iisa ang Diyos natin at siya ang Ama nating lahat. [Mga Taga-Efeso 4: 6]**.

Minsan tinawag ng mga disipulo si Hesus na 'Panginoon'. Ang 'Panginoon' ay isang terminolohiya na ginagamit para sa Diyos at para din sa mga taong pinapahalagahan. Maraming mga halimbawa na ang salitang 'Panginoon' ay ginagamit para sa mga tao sa Bibliya: At sila'y nagsilapit sa katiwala ng bahay ni Jose, at kinausap nila sa pintuan ng bahay: **At sinabi nila, Oh panginoon ko, tunay na kami ay bumaba ng una na bumili ng pagkain. [Genesis 43: 19-20]**. Gayundin, sa ibang mga bahagi ng Bibliya, tinawag din ng mga disipulo si Hesus na 'lingkod' ng Diyos: **Ang Diyos ng ating mga magulang, ay niluwalhati ang kaniyang Lingkod na si Hesus. [Mga Gawa 3:13]**. Malinaw na ipinapakita na kapag ang 'Panginoon' ay ginagamit bilang pantukoy kay Hesus, ito ay isang titulo ng paggalang at hindi ng pagka-diyos.

# 3. Ang Katangian ni Hesus

Ang katangian ni Hesus ay lubos na naiiba sa katangian ng Diyos. Maraming mga bahagi sa Bibliya na nagbibigay-diin sa pagkakaibang ito sa katangian:

Ang Diyos ay Lubos na Nakakaalam sa Lahat ngunit si Hesus sa kanyang sariling pag-amin ay hindi nakakaalam sa lahat. Makikita ito sa sumusunod na talata nang sinabi ni Hesus na **“Nguni't tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, tanging ang Ama lamang.” [Mateo 24:36]**

Walang pangangailangan ang Diyos at hindi niya kailangan ng pagtulog, pagkain o tubig. Ngunit si Hesus ay kumain, uminom, natulog at nangailangan sa Diyos: **Isinugo ako ng buháy na Ama at ako'y nabubuhay dahil sa Kanya. [Juan 6:57]**. Isa pang tanda ng pangangailangan ni Hesus sa Diyos ay nang siya ay nanalangin sa Diyos: **At lumakad siya (Hesus) sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin [Mateo 26:39]**. Ipinapakita dito na si Hesus mismo ay humingi ng tulong sa Diyos. Ang Diyos, bilang isa na sumasagot ng mga panalangin ay hindi kailangang manalangin sa sinuman. Gayundin, sinabi ni Hesus: **Pupunta ako sa Ama, sapagkat ang Ama ay higit na dakila kaysa akin. [Juan 14:28].**

Malinaw sa Bibliya na ang Diyos ay hindi nakikita at hindi isang tao: **'Hindi mo maaaring makita ang Aking mukha; sapagkat hindi Ako maaaring makita ng tao at siya'y mabubuhay'. [Exodo 33:20], Ang Diyos ay hindi tao [Bilang 23:19]**. Si Hesus, sa kabilang banda, ay isang tao na nakita ng libu-libong mga tao, kaya hindi siya maaaring maging Diyos. Bukod dito, nilinaw ng Bibliya na ang Diyos ay labis na dakila upang mapaloob sa Kanyang nilikha: **Subalit paanong posibleng manirahan sa lupa ang Diyos kasama ang mga tao? Kung ang langit, ang kataas-taasang langit, ay hindi sapat na maging tahanan Ninyo [2 Cronica 6:18]**. Ayon sa talatang ito si Hesus ay hindi maaaring maging Diyos na naninirahan sa mundo.

Tinawag din ng Bibliya si Hesus na isang Propeta [Mateo 21: 10-11], kaya paanong mangyayari na si Hesus ay Diyos at kaalinsabay ay Propeta ng Diyos? Hindi iyan magiging makabuluhan.

Bilang karagdagan dito, ipinapaalam ng Bibliya sa atin na ang Diyos ay hindi nagbabago: **Sapagka't Ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago. [Malakias 3: 6:]**. Subalit si Hesus ay dumaan sa maraming mga pagbabago sa kanyang buhay tulad ng edad, taas, timbang atbp.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga patunay na matatagpuan sa loob ng Bibliya, na nagbibigay linaw na ang katangian ni Hesus ay naiiba sa Diyos. Ang ilan sa mga tao ay maaaring mag-angkin na si Hesus ay may kalikasan ng pagiging tao at pagiging diyos. Ito ay isang pagpapahayag na kailanma'y hindi ginawa ni Hesus, at malinaw na nasa pagsalungat sa Bibliya na nagpapanatili na ang Diyos ay may mga natatanging Kanyang katangian.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/5232/si-hesus-ba-ay-diyos-o-isinugo-ng-diyos-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.